Pagiging Praktikal ng Sinusuportahang Paggawa ng Desisyon para sa mga Taong May Kapansanan

Pangkalahatang-ideya para sa mga Self-Advocate, Miyembro ng Pamilya, at Tagasuporta

California State Council on Developmental Disabilities

Family Resource Navigators

SUPPORT FOR FAMILIES
EDUCATION • EMPOWERMENT • EQUITY

Lahat tayo ay nangangailangan ng tulong paminsan-minsan…

Karamihan sa atin ay tumatanggap ng suporta kapag gumagawa ng mga desisyon. Mga Tagasuporta:

Tumutulong ipaliwanag ang sitwasyon at ang kahalagahan ng desisyon.

Sumusuri sa mga opsyon at ang mga bentaha at disbentaha nito.

Nagbibigay ng emosyonal na suporta sa proseso.

Tumutulong sa pakikipag-ugnayan ng ating mga desisyon sa iba.

Ano ang Sinusuportahang Paggawa ng Desisyon para sa mga Taong May Kapansanan?

Isang batas na tinatawag na AB 1663 ang nagbibigay-kakayahan sa mga Taong May Kapansanan (person with disability, PWD) na piliing gamitin o gawing pormal ang ganitong uri ng suporta sa pagpapasya sa pamamagitan ng **sinusuportahang paggawa ng desisyon o SDM**.

Sa SDM, ang tao mismo ang pumipili ng mga tagasuporta upang tumulong sa paggawa ng desisyon, ngunit siya pa rin ang may pinal na pagpapasya.

Maaaring isulat ang mga tagasuporta at ang uri ng suportang kailangan sa isang kasunduan sa sinusuportahang paggawa ng desisyon, ngunit hindi ito kinakailangang nakasulat.

Mga Prinsipyo ng SDM

- ✓IPINAGPAPALAGAY ANG KAKAYAHAN: Ang mga nasa hustong gulang na may kapansanan ay ipinapalagay na may kakayahang gumawa ng desisyon tungkol sa kanilang pang-araw-araw na kalusugan, kaligtasan, kapakanan, panlipunan, at pinansyal na mga gawain.

- ✓HINIHIKAYAT ANG PAKIKILAHOK: Isinasaad ng batas na ang lahat ng nasa hustong gulang, kasama ang suportang kanilang pinili, ay dapat magkaroon ng kaalaman at kakayahang lumahok sa pamamahala ng kanilang mga gawain.

- ✓ BOLUNTARYONG SUPORTA: Ang mga nasa hustong gulang na may kapansanan ay maaaring gumamit ng malawak na saklaw ng boluntaryong suporta upang matulungan silang maunawaan, gawin, at ipahayag ang kanilang sariling mga desisyon.

Tingnan ang AB 1663, mga seksyon 3950-3952.

Mga Prinsipyo ng SDM

- ✓INDIBIDWAL NA SUPORTA: Ang SDM ay isang **indibidwal na kasunduan** kung saan ang isang nasa hustong gulang na may kapansanan ay pumipili ng isa o higit pang taong pinagkakatiwalaan niya bilang mga tagasuporta upang tumulong sa kanya sa pag-unawa, paggawa, pagpapahayag, pagpapatupad, o pagsasagawa ng kanyang sariling mga desisyon.

- ✓FLEXIBLE: Ang sinusuportahang paggawa ng desisyon ay isa lamang sa maraming pagpipilian na magagamit ng mga nasa hustong gulang na may kapansanan upang maunawaan, gawin, at ipahayag ang kanilang mga desisyon at kagustuhan. Kabilang dito, ngunit hindi limitado sa, mga medikal at pinansyal na power of attorney, mga form ng awtorisadong kinatawan, mga direktiba sa pangangalagang pangkalusugan, mga form para sa pagpapalabas ng impormasyon, at mga kinatawang tagapamahala ng bayad.

Tingnan ang AB 1663, mga seksyon 3950-3952.

Mukhang maganda ito, paano sisimulan?

Maaaring agad na simulan ng mga PWD ang SDM sa pamamagitan ng pagtukoy kung sino ang gusto nilang maging tagasuporta – HINDI KAILANGAN NG NAKASULAT NA KASUNDUAN.

Malinaw na isinasaad ng AB 1663 (seksyon 3953) na maaaring magkaroon ng mga tagasuporta ang isang nasa hutong gulang sa anumang pagpupulong o komunikasyon na may kinalaman, ngunit hindi limitado sa: Mga Planong Pang-edukasyon para sa Indibidwal (Individual Education Plans), Plano ng Programa para sa Indibidwal (Individual Program Plan), pagpupulong sa pagpaplano ng serbisyo, plano sa pangangalagang medikal o paglabas mula sa ospital, pagpaplanong pinansyal, komunikasyon o pagpupulong sa bangko o iba pang institusyong pampinansyal, pagpupulong sa pagpaplano ng trabaho, o isang medikal na appointment.

Lahat ng komunikasyon ay may bisa sa SDM

Maaaring ipahayag ng isang nasa hustong gulang na may kapansanan ang pagnanais niyang magkaroon ng tagasuporta sa isang pagpupulong sa pamamagitan ng pasalitang pahayag, kilos, o anumang paraan ng alternatibong komunikasyon na ginagamit niya.

Maaari ring piliin ng isang PWD na magkaroon ng nakasulat na Kasunduan sa Sinusuportahang Paggawa ng Desisyon (Support Decision Making Agreement, SDMA).

Pag-isipan kung anong mga desisyon ang gusto mong magkaroon ng suporta…

Pag-isipan kung kailan mo gusto ang tulong na ito…

Pag-isipan kung paano mo gustong matulungan ka nila…

HINDI KAILANGAN NG NAKASULAT NA KASUNDUAN!

NGUNIT KUNG NANAISIN ANG ISANG NAKASULAT NA KASUNDUAN SA SINUSUPORTAHANG PAGGAWA NG DESISYON, DAPAT ITO AY:

- Nakasulat sa madaling maintindihang wika.
- Isama ang pangalan ng PWD at ang mga pangalan/contact information ng mga tagasuporta.
- Ilista ang mga aspeto kung saan humihingi ng suporta ang nasa hustong gulang na may kapansanan mula sa isa o higit pang mga tagasuporta.
- Isama ang mga pagkilala mula sa bawat tagasuporta na sumasang-ayon sila sa mga sumusunod:

    - Magbigay ng impormasyon ayon sa hinihiling ng may kapansanan.
    - Magbigay ng suporta nang may mabuting layunin at sa abot ng kanilang kakayahan.
    - Igalang na ang pinal na desisyon ay ginagawa ng may kapansanan at hindi ng tagasuporta.
    - Huwag pilitin o manipulahin ang may kapansanan sa paggawa ng anumang desisyon.

ISANG KILALANG TEMPLATE PARA SA SDM:

Maraming gumagamit ng ACLU Form, na maaari mong ma-access gamit ang QR code sa ibaba.

Bagama’t **hindi ito mandatoryo**, ang pagsulat ng kasunduan sa SDM ay makakatulong upang maging malinaw ang mga kasunduan at maiwasan ang anumang hindi pagkakaunawaan.

Ang mga nakasulat na kasunduan ay maaaring ipanotaryo (bagama’t maaaring maging hamon ito depende sa paraan ng komunikasyon ng indibidwal) O

Patotohanan ng dalawang saksi na nakita nilang ipinahayag ito ng PWD sa kanilang harapan.

Paggamit ng Sinusuportahang Paggawa ng Desisyon

SDM at Edukasyon

Ang mga magulang ang may karapatan sa pagpapasya sa edukasyon ng isang bata hanggang sa siya ay mag-18 taong gulang.

Pagdating sa edad na ito, ang mga karapatan sa edukasyon ay mapupunta sa nasa hustong gulang, maliban kung may legal na hakbang na isinagawa tungkol dito.

Dapat itong talakayin bilang bahagi ng mga serbisyo sa transisyon sa ilalim ng IDEA, na naglalayong tumulong sa paglipat ng estudyante patungo sa mga aktibidad pagkatapos ng paaralan, trabaho, at tirahan.

Maaaring Gamitin ng PWD ang SDM sa Proseso ng IEP

Manwal sa Sinusuportahang Paggawa ng Desisyon para sa Espesyal na Edukasyon (PEATC/Virginia)

IEP at Paghahanda para sa SDM

Ang pagpapasya, adbokasiya, at kalayaan sa pagpapasya ay hindi biglaang lumilitaw sa edad na 18.

Para sa ilan, ito ay mga kasanayang dapat ituro sa IEP sa paraang naaangkop sa edad at kakayahan upang mahasa ang mga ito.

Mga Halimbawa: Mga Layunin sa Adbokasiya at Paggawa ng Desisyon sa IEP

Nagtuturo ang mga Pampublikong Paaralan sa Distrito ng Columbia (District of Columbia Public Schools, DCPS) sa mga estudyanteng tatlong taon pa lamang kung paano gamitin ang Sinusuportahang Paggawa ng Desisyon (SDM) at “bumuo ng mga network ng suporta . . . para matiyak na pamilyar sila sa proseso at magamit ito sa pang-araw-araw na aktibidad.”

Maaaring paunlarin ng estudyante ang kasanayang ito sa pamamagitan ng pagsasanay (sa bahay at sa paaralan) para sa mga pagpipiliang angkop sa edad o pag-unlad.

Maaaring hikayatin ang mga estudyante na kilalanin ang mga taong nais nilang tumulong sa kanila sa paggawa ng mga desisyon sa kanilang pag-aaral.

Mga Halimbawa: Mga Layunin sa Adbokasiya at Paggawa ng Desisyon sa IEP

Ang mga target na layunin sa IEP para sa sariling adbokasiya na nakatuon sa komunikasyon ay maaaring makatulong sa mga estudyante na ipahayag nang may kumpiyansa ang kanilang mga pangangailangan. Sa kalaunan, mas aktibo silang makikilahok sa kanilang edukasyon at magtatayo ng pundasyon para sa panghabambuhay na sariling adbokasiya.

Ang mga layunin sa sariling adbokasiya sa IEP ay maaaring makatulong sa mga estudyante na maging kumpiyansa sa pakikipag-usap sa kanilang mga guro tungkol sa kanilang natatanging pangangailangan at matiyak na matatanggap nila ang suportang kailangan sa loob ng silid-aralan.

Ang pakikilahok sa kanilang mga IEP meeting ay nagbibigay-daan sa mga estudyanteng may espesyal na pangangailangan na ipahayag ang kanilang opinyon, ibahagi ang kanilang lakas at hamon, at aktibong itakda ang kanilang mga layuning pang-edukasyon.

https://www.ablespace.io/blog/examples-of-self-advocacy-iep-goals-for-special-needs-students/

Maaaring Hindi Alam ng mga Kawani ng Paaralan ang SDM at Magrekomenda ng Conservatorship

Turuan ang mga Kawani ng Paaralan!

Ang Cal State East Bay, Center for Disability Justice Research, at DREDF ay bumubuo ng online training tungkol sa SDM at kung paano ito maipapagamit sa mga estudyante. (Tingnan ang https://www.csueastbay.edu/cdjr/supported-decision-making-outreach-team.html)

Isaalang-alang ang mga alternatibo sa conservatorship! Tulad ng SDM o Pagtatalaga ng Awtoridad sa Paggawa ng Desisyon para sa Edukasyon sa California (Assignment of Decision Making Authority for Education for California) (i-click ang QR code para sa form mula sa Karapatan ng mga May Kapansanan ng California) sa isang magulang o tagasuporta.

SDM at Pangangalagang Pangkalusugan

Laging ginagamit ang Sinusuportahang Paggawa ng Desisyon sa mga pangangalagang pangkalusugan dahil karamihan sa atin ay nangangailangan ng tulong sa paggawa ng mga desisyong ito.

Ang pangangalagang pangkalusugan ay komplikado, at maaaring mangailangan ng mga desisyon (at pagpapalabas ng impormasyon) para sa mga provider, kompanya ng insurance, at mga ospital.

Maaaring pinakanababahala ang mga PWD at kanilang mga tagasuporta sa mga emergency na sitwasyon kung saan hindi madaling ma-access ang SDM dahil sa karamdaman.

Maaaring Gawin ng mga Tagasuporta ang mga Sumusunod:

- makipag-ugnayan sa mga clinician
- tumulong sa pagpapaalala ng pag-inom ng gamot o follow up
- isalin ang mga komplikadong konseptong medikal sa mas madaling maunawaang wika
- isaalang-alang ang mga pagpipilian sa paggamot
- gumawa at maghanda para sa mga medikal na appointment
- maghatid sa mga appointment
- magtala ng mga mahahalagang impormasyon sa mga appointment
- magbigay sa mga clinician ng kasaysayan ng medikal at iba pang impormasyon
- kumuha ng impormasyon tungkol sa medikal at insurance
- tumulong sa mga pisikal na gawain tulad ng pagbibihis o paglilipat sa exam table
- kunin ang mga reseta o mga gamit pangmedikal

Mga Katuwang sa Kalusugan: Pagpapatupad ng Sinusuportahang Paggawa ng Desisyon sa Pangangalagang Pangkalusugan para sa mga Gumagamit ng Augmentative at Alternative Communication, Tanggapang ng Pangunahing Pangangalaga, (Users of Augmentative and Alternative Communication) UCSF

Manwal ng Sinusuportahang Paggawa ng Desisyon para sa mga PWD (na may Pokus sa mga Gumagamit ng AAC) ngunit kapaki-pakinabang para sa sinumang PWD.



Mga Companion Document

- Awtorisadong Kinatawan Ang isang awtorisadong kinatawan ay maaaring kumilos para sa iyo sa lahat o sa ilang tungkulin na may kaugnayan sa iyong pagiging kwalipikado at pagpapatala sa medikal. Kadalasang isang partikular na form ito para sa ospital, clinician, o insurer.
- Paunang Direktiba ng Pangangalaga: Ang Paunang Direktiba ay nagbibigay ng paraan para sa isang tao na itakda ang sarili nilang pangangalagang pangkalusugan kahit na sila ay nasa coma, may demensya, o may kapansanan sa pag-iisip at walang kakayahang makipag-usap. Maaaring gamitin ng isang tao ang Paunang Direktiba upang ipahayag ang kanilang mga kagustuhan patungkol sa pisikal at mental na pangangalagang pangkalusugan at pumili ng isang tao na gagawa ng mga desisyong pangkalusugan kung sila ay hindi na makakagawa nito. (Tingnan ang QR code para sa napupunang CA form at ang https://www.disabilityrightsca.org/publications/advance-health-care-directives)

Maaaring kailanganin ang notaryo o lagda ng dalawang saksi.

SDM at ang Regional Center

Maaaring gamitin ng mga PWD ang SDM kasama ang mga Regional Center.

Ang bagong template na Plano ng Programa para sa Indibidwal (Individual Program Plan, IPP) ay tahasang sumasaklaw kung kanino nais ng PWN magkaroon ng suporta at kung mula kanino ito makukuha (kasama ang mga legal na itinalagang tagapagpasya).

Dapat ding idokumento ng IPP ang mga pamamaraan at kagustuhan sa komunikasyon ng indibidwal, ano ang kailangang malaman ng iba upang makipag-ugnayan sa indibidwal, mga suportang kailangan o kagamitang ginagamit para sa komunikasyon, anumang iba pang mahalagang impormasyon tungkol sa paraan ng komunikasyon/pag-unawa ng indibidwal

Bagong Template na Plano ng Programa para sa Indibidwal

SDM at mga Usaping Pinansyal

Maaaring gamitin ang sinusuportahang paggawa ng desisyon upang makatulong sa paggawa ng mga desisyon tungkol sa iba't ibang bagay, kabilang ang pera at pananalapi.

Higit pa kaysa sa karamihan ng iba pang larangan ng paggawa ng desisyon, may posibilidad ng salungatan ng interes kapag ginagamit ang SDM sa mga desisyong pinansyal.

Dapat gumawa ng maagap na hakbang ang mga tagasuporta upang maiwasan ang totoo, maaaring ipagpalagay, o posibleng salungatan ng interes.

Ang pinakamainam na pamamaraan ay ang maagang pagpaplano upang matugunan ang mga hindi pagkakasundo bago pa man ito mangyari. Maraming template ng SDM ang may hiwalay na papel para sa pagsubaybay sa pananalapi.

https://supporteddecisions.org/getting-started-with-supported-decision-making/sdm-and-financial-decisions/

Mga Companion Agreement/Kasunduan

- Kinatawang Tagapamahala ng Bayad: Ang mga bayad mula sa SSI/SSDI ay direktang ipinapadala sa kinatawang tagapamahala ng bayad. Ang kinatawang tagapamahala ng bayad ay responsable sa pagbabayad ng mga bill ng indibidwal, pag-iipon ng pera, at iba pa. Dapat ipagbigay-alam ng kinatawang tagapamahala ng bayad sa Pangasiwaan ng Panlipunang Seguridad (Social Security Administration) kung paano nagastos ang pera ng indibidwal.
- Power of Attorney: Ang pagbibigay ng power of attorney sa isang tao ay nangangahulugan na mayroon silang kakayahang gumawa ng mga desisyong pinansyal at iba pang desisyong pangnegosyo sa ngalan mo. Isinasaayos ito ng ilan bilang karagdagang bahagi ng kanilang kasunduan sa SDM.

Mga Companion Agreement/Kasunduan

- Joint Bank Account: Nagsasaayos ang ilang magulang ng joint account para sa kanilang PWD. Bilang magkasamang may-ari ng account, pareho silang makakagawa ng mga desisyong pinansyal at makakasubaybay kung paano nagagamit ang pondo.
- CalABLE/Awtorisadong Kinatawan: Ang mga CalABLE account ay nagbibigay-daan sa mga indibidwal na may kapansanan na makapag-ipon at makapag-invest ng pera nang hindi nawawalan ng kwalipikasyon sa ilang pampublikong benepisyo, tulad ng Medicaid o Karagdagang Matatag na Pagkakakitaan (Supplemental Security Income, SSI). Ang awtorisadong kinatawan ay isang tao na pinapayagan sa ilalim ng batas ng estado at pederal na gumawa ng mga desisyon para sa benepisyaryo ng CalABLE account

Mga Companion Agreement/Kasunduan

- Mga Special Needs Trust: Ang Special Needs Trust (SNT) ay nagbibigay-daan sa isang taong may kapansanan na mapanatili ang pagiging kwalipikado para sa mga pampublikong benepisyo kahit na may mga ari-arian siya na maaaring magdulot ng pagkawala ng kwalipikasyon para sa mga benepisyong iyon. Ang trustee ang humahawak, nangangasiwa, at namamahagi ng lahat ng ari-ariang inilaan sa trust para sa kapakinabangan ng taong may kapansanan habang siya ay nabubuhay.



MAY MGA TANONG KA BA?

California State Council on Developmental Disabilities

Ang gawaing ito ay naisakatuparan sa pamamagitan ng isang grant mula sa SCDD at SDM-TAP.